

## Pinagdaanang karanasan ng mga mag-aaral na nakakuha ng deficiency sa online class

De Mesa, Alvin Rom 

Leyte Normal University, Philippines ([ar\\_demesa@gmail.com](mailto:ar_demesa@gmail.com))

**Received:** 20 February 2022

**Available Online:** 15 April 2022

**Revised:** 25 March 2022

**DOI:** 10.5861/ijrse.2022.824

**Accepted:** 7 April 2022

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



### **Abstract**

This study focused on the experiences of the students with deficiencies in an online-classes. Using Descriptive Qualitative Research Design and Purposive Sampling Technique, the students took Filipino courses in the Second Semester of the School Year 2020-2021 with deficiencies such as dropped, incomplete, and 4.0 were identified as the respondents in this study. Furthermore, in securing the privacy of the respondent's identity and their responses, consent letter and code for their names were used. On the other hand, after conducting in-depth interview, the thematic analysis was used to determine the theme of the responses of the respondents based on the guide interview drawn by the researcher. Since the students were allowed to comply their deficiencies personally, the data gathered in this study was face to face following the health protocols as mandated by the Inter-Agency Task Force ([aatf.doh.gov.ph](http://aatf.doh.gov.ph)). Meanwhile, the findings of this study, were observed: 1. most of them do not have their own gadgets to be used in an online classes; 2. very slow internet connections; 3. do not have enough load for the internet connectivity; 4. joining online classes while working; 5. studying while working in a very far places; 6. staying in a far flung areas; 7. assuming attending online classes by staying in the google classroom or zoom but they are not watching and/or listening to the discussions; 8. submitting outputs even if they do not know what and when to submit; 9. copying output from the classmates; and lastly, 10. trying to join online classes because they believed that there is no strict policies kin an online classes.

**Keywords:** descriptive qualitative research, experiences, deficiency, online class, and purposive sampling

## Pinagdaanang karanasan ng mga mag-aaral na nakakuha ng deficiency sa online class

### 1. Introduction

Mahigit na sa dalawang taon ang *online class* na paraan sa pagtuturo at pagkatuto na nararanasan ng mga guro at mag-aaral lalo na sa antas ng kolehiyo. Nagagamit palagi na mga dahilan ng mga mag-aaral ang mabagal na *internet connection*, walang pang-*load*, maraming awtput na kailangang isumite, kawalan nang maayos na *gadgets* at iba pang kagamitan sa pagkatuto sa *online class*, at kakulangan ng kakayahan sa paggamit ng kompyuter at/o *websites* sa internet. Kaya naman, mahalagang mabatid sa pamamagitan ng isang pag-aaral kung ano ang mga tunay na karanasan ng mga mag-aaral sa *online class*. Minabuti ng mananaliksik na tutukan ang karanasan ng mga mag-aaral na nakakuha ng *deficiencies* sa panahon na ang pagkatuto ay *online class*. Gaya nina Koç, Liu, at Wachira (2015) ay napag-alaman nila na ang pagtataya sa performans ng mga mag-aaral sa *online class* at *blended learning* ay natututukan ang bawat mag-aaral dahil sa limitado lamang ang bilang ng mga mag-aaral sa bawat *online class*. Bagama't taliwas ang dami ng mga mag-aaral sa sinabi nina Koç, Liu, at Wachira kumpara sa bilang ng mga mag-aaral na nasa pampublikong paaralan ng Departamento ng Edukasyon (DepEd), nariyan ang paniniwalang kailangang matutukan ang performans ng mga mag-aaral sa *online* at *blended learning* na pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa isang aklat naman ay nabanggit ni Lunenberg (2014), na madalas kakikitaan nang hindi maayos na pagtanggap ng mga mag-aaral sa pagkatuto dahil na rin sa negatibong pananaw nito sa kalagayan ng pagkatuto gayundin sa pagtuturo ng guro. Dagdag pa niya, mahalagang isaalang-alang ng guro ang kasapatan ng makukuhang kaalaman ng mag-aaral para sa huli, hindi ito bumagsak sa klase. Samantala, si Partin (2009) ay naniniwalang mainam daw gumamit ang guro sa kanyang pagtuturo ng iba't ibang estratehiya na makatutulong sa mga mag-aaral na paunlarin ang kanilang pagkatuto. Patunay pa nito na marami ang mga mag-aaral na nakararanas ng kahirapan lalo pa at sa panahon ngayon, ang pagkatuto ay sa pamamagitan ng *online class*. Sinang-ayunan naman ni Kember (2016) si Partin at pahayag pa niya na kailangan ng guro na alamin kung papaano magaganyak ang kanyang mag-aaral na matutuhan ang mga aralin upang sa gayon hindi ito magkaroon ng mga markang *deficiency* na dahilan para huminto ang mga mag-aaral sa klase.

Dagdag pa rito, napatotohanan ni Galit (2022) ang isa sa mga dahilan kung bakit naapaektuhan nang malaki ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay dahil sa kakulangan sa pinansiyal at mahinang signal ng *internet connection* na humahantong sa kawalan ng signal. Napatotohanan ito sa isinagawang pag-aaral kung saan isa ito sa mga karanasan ng mga mag-aaral sa *online class* na naging dahilan ng kanilang pagkakaroon ng *deficiency*. Pahabol pa ng Department of Information and Communications Technology (DICT) (2017) na patuloy na bumababa ang internet koneksiyon sa buong mundo na dahilan ng lalong pagpapahirap sa mga Pilipinong mamamaayan lalo na ngayon na halos lahat ng mga tao sa buong mundo ay gumagamit ng internet.

Kaya naman, kung hahayaan ang bawat klase na hindi inaalangin ang natutuhan ng bawat mag-aaral ay malaki ang posibilidad na mayroong mga mag-aaral na mapag-iiwanan sa kanilang pagkatuto na magiging sanhi ng kanilang pagkakaroon ng problema sa markang makukuha sa asignatura. Dagdag pa nina Horn at Staker (2015), ang *blended learning* ay mas mainam kaysa sa magkahiwalay na gagamitin ang *synchronous* at *asynchronous* na paraan sa pagtuturo at pagkatuto kung saan mas makabubuti ang resulta sa performans ng bawat mag-aaral kung magkasama ang *synchronous* at *asynchronous* na paraan ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral kung saan agad na masusubaybayan ang performans ng mga mag-aaral na dahilan para maiwasan na sila ay makakuha ng mga markang *deficiency*.

Dahil dito, pinagtuunan sa pananaliksik na ito ang mga pinagdaanang karanasan ng mga mag-aaral na nakakuha ng *deficiency* sa *online class*. Maituturing na kaiba ang isinagawang pag-aaral sa mga iba pang pag-aaral dahil binigyang-pokus lamang sa pag-aaral na ito ang mga karanasan ng mga mag-aaral na nakakuha

ng mga markang *deficiency*.

### 1.1 Sanligang Teoretikal

Ang isang sibilisadong bansa tulad ng Pilipinas ay nagsusumikap na pagbutihin ang kalidad ng edukasyon sa lahat ng antas sa elementarya, sekundarya, at sa tersiyarya. Dahil dito, siniyasat ng mananaliksik ang *Cultural Deficit Theory* na mayroong malaking kaugnayan sa pagtukoy sa karanasan ng mga mag-aaral na nakakuha ng mga *deficiency* na ang *platform* ng pagtuturo at pagkatuto ay *online class* sa antas tersiyarya. Kaugnay rito, ang mga teoristang sina Hess, Shipman, Engelmann, Bereiter at Deutsch ay nagsagawa ng pag-aaral kaugnay sa *Cultural Deficit Theory* noong 1960. Kung saan ang pag-aaral nila ay nakatuon sa pagyamanin ang kaalaman laban sa kalikasan ng kaalaman (Bolima, 2022) na batay sa paniniwala nina Hess at Shipman na kadalasan sa naturang teorya ay nasisisi sa kalikasang sosyal at ekonomiyang pangkalikasan ng mga mag-aaral. Habang sina Engelmann at Bereiter ay pinatotohanan na ang naturang teorya ay kadalasan hindi nabibigyang pagpapahalaga ang kultura ng mga mag-aaral na sanhi ng pagkakaroon ng mga markang *deficiency*.

Samantala, sa pag-aaral na ito kaugnay sa edukasyon, ang *Deficit Theory* ay naipagpapalagay na ang mga mag-aaral na nakakuha ng mga markang *deficiency* ay itinuturing na naiiba sa karaniwang mga mag-aaral na maayos ang mga markang nakakuha kung saan makabuluhan ang paraan ng kanilang pagkatuto. Samantala, ang mga mag-aaral na nakakuha ng mga markang *deficiency* ay itinuturing na may kakulangan ang paraan sa pagkatuto at nangangailangan ng pagtatama sa proseso ng edukasyon upang magabayan sila sa kanilang mga pagkukulang sa pagkatuto.

Isa pang teorya ay *Cultural Difference Theory* na pinangunahan ni Fredrick Erickson noong 1976. Ginamit niya ang terminong *microethnography* na naglalarawan sa kanyang mga teknik na pagsusuri sa mga tiyak na sitwasyon. Gamit ang naturang teknik, naobserbahan niya na ang mga mag-aaral ay natural lamang na nakikisalamuha sa mga tao. Sa ganitong paraan, ang mga teorista ng teoryang ito ay nagbigay-tuon sa mga maliliit na elemento kaugnay sa pamumuhay ng mga tao at komunidad na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, binigyang-pansin ni Erickson ang teoryang ito kung saan nakita niya ang problema sa loob ng silid-aralan ang hindi sinasadyang pagkakaunawaan ng guro at mag-aaral dahil sa hindi nakikitang kultural na pagkakaiba-iba nila. Ito ang dapat mapatunayan sa pag-aaral na ito kung ang dalawang teoryang nabanggit ay makikita at matutuklasan sa resulta ng pag-aaral.

### 1.2 Paglalahad ng Suliranin

Layunin sa pag-aaral na ito na alamin ang sumusunod: Sino-sino ang mga mag-aaral na nakakuha ng *deficiency* na marka sa asignaturang Filipino sa online class? Ano-ano ang mga *deficiency* na nakuha ng mga mag-aaral na kalahok? Ano-ano ang mga karanasan ng mga mag-aaral na nakakuha ng *deficiency* sa asignaturang online class? at ano-ano ang mga karaniwang dahilan ng pagkakaroon ng markang *deficiency*?

## 2. Metodolohiya

Ginamit ang disenyong deskriptibong kwalitatibo sa tulong ng *purposive sampling* kung saan inilarawan ang nakalap na impormasyon mula sa mga napiling kalahok na nagbigay ng sapat na impormasyon na dahilan para matugunan ang mga inaasahang tugon na umaayon sa suliranin ng pananaliksik na ito. Isinaalang-alang din ang dulong penominolohikal upang malaman ang karanasan ng mga mag-aaral na nakakuha ng *deficiency* sa *online class* (Leavy, 2017).

Sa kabila ng nasa hustong gulang na ang mga kalahok, isinaalang-alang pa rin ng mananaliksik ang Konsiderasyong Etikal kung saan kinausap at ipinaalam sa mga kalahok ang layunin ng pakikipanayam kalakip ang *consent letter* na naglalaman ng kanilang pagsang-ayon at pagtanggap ng kahilingan ng mananaliksik na makakuha ng impormasyon kaugnay sa kanilang karanasan kung saan nakuha nila ang mga *deficiency* na marka sa *online classes* na *platform* sa pagkatuto.

Dahil sa pagbigay ng pahintulot ng mga kalahok, sinikap sa pag-aaral na ito na makuha ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa una at ikatlong taon sa kolehiyo na kumuha ng signaturang Filipino sa Ikalawang Semestre ng Taong Panuruan 2020-2021. Napili ang mga kalahok sa pamamagitan ng purposive sampling kung saan sila ang mayroon *deficiency* na dropped, incomplete, at 4.0. Ang mga mag-aaral na walang mga nabanggit na *deficiency* ay hindi isinali sa isinagawang pananaliksik.

Malaki ang tulong ng *in-depth interview* gamit ang gabay sa pakikipanayam sa nakalap na impormasyon kung saan detalyadong nakuha mula sa mga kalahok ang mga karanasan sa pagkakaroon ng *deficiency* sa panahon na ang pagkatuto ay sa pamamagitan ng *online class*. Dagdag pa, mabusising sinuri ang tema ng mga naging tugon ng mga kalahok sa pamamagitan ng *thematic analysis* (De Mesa, 2022). Nakatulong rin nang malaki ang mga *voice recorded* na isa rin sa hiningan ng pahintulot sa mga kalahok upang maging detalyadoo ang pagtatala ng kanilang mga karanasan.

### 3. Resulta at Diskusyon

Sa bahaging ito, tinalakay ang kinalabasan batay sa mga nakalap na datos mula sa mga kalahok ng isinagawang pag-aaral.

#### 3.1 Mga mag-aaral na nakakuha ng *deficiency* na marka sa asignaturang Filipino sa online class

Marami ang programa o kurso ng Leyte Normal University, subalit binigyan ng tuon ang Bachelor of Arts in Communication (BAComm), Bachelor of Elementary Education, at Bachelor of Secondary Education meyor ng Filipino dahil sila ay naging mag-aaral ng mananaliksik. Narito ang mg natukoy na *deficiency* na nakuha ng mga mag-aaral sa pagkatutong online class:

#### Talahanayan 1

##### *Mga Deficiency na nakuha ng mga kalahok*

Mga Nakuhang Deficiency	Bilang ng mga Kalahok
INC o Incomplete	7
4.0 o Conditional	6
5.0 o Failed	5
DRP o Dropped	8
KABUUAN	26

Binigyang-pokus lamang dito ang mga mag-aaral na mayroong nabanggit na *deficiency* na nakuha sa asignaturang Filipino ng Taong Panuruan 2020-2021 ng Ikalawang Semestre. Dalawampu't anim (26) ang kabuuang bilang ng mga napiling mga kalahok dahil sila ang tanging nakapagbigay ng mga kinakailangang datos sa pananaliksik na ito. Pito (7) sa kanila ang mayroong *deficiency* na *incomplete* o INC, anim (6) naman ang mayroong 4.0 o kundisyunal, lima (5) sa kanila naman ang mayroong 5.0 o bagsak na marka, at walong (8) dropped o DRP.

Ayon sa mga kalahok, ang INC na nakuha nila ay mga kulang na awtput na kanilang naipasa. Samantala, ang 4.0 o kundisyunal na marka ay binigyan sila ng huling pagkakataon na maipasa ang isang pagsusulit kung saan maaaring makuha nilang marka ay 3.0 o pasadong marka o hindi kaya ay 5.0 o bagsak na marka. Habang ang 5.0 o bagsak na markang nakuha naman ay halos wala silang naibahagi sa klase na may kaugnayan sa mga nakakuha ng dropped na mayroon lamang 2-3 beses na pagsali sa *online class*.

#### 3.2 Mga natukoy na mga *deficiency* na nakuha ng mga kalahok

Makikita sa *Talahanayan 2* ang mga natukoy na mga mag-aaral na nakakuha ng *deficiency* sa asignaturang Filipino. Bilang pag-iingat sa identidad o pagkakakilanlan ng mga kalahok, minabuti ng mananaliksik na tukuyin ang kurso o programa kung saan galing ang mga kalahok. Ang pagbanggit ng kurso ay nangangahulugan na ito ang mga kursong nahawakan ng mananaliksik na kung saan nakipag-ugnayan gamit ang *messenger* at *google*

meet na sila ay maging bahagi ng isinagawang pag-aaral.

## Talahanayan 2

### Mga mag-aaral na nakakuha ng deficiency

Kurso	Taon	DEFICIENCIES			
		INC	4.0	5.0	DRP
BACom	Unang Taon	2	1	0	1
BEEEd	Ikalawang Taon	3	2	2	3
BSEEd	Ikatlong Taon	2	3	3	4
KABUUAN		7	6	5	8

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang mga kalahok na nakakuha ng *deficiency* sa asignaturang Filipino. Pansinin na sa unang taon sa kolehiyo ng kursong Bachelor of Arts in Communication (BACOM) nagmula ang apat (4) na mga kalahok kung saan dalawa (2) sa kanila ay nakakuha ng INC o incomplete, isa (1) naman ang nakakuha ng 4.0 o kundisyunal na marka, samantalang walang nakakuha sa kanila ng 5.0, at tanging isa (1) lamang ang nakakuha ng dropped o DRP. Sa Bachelor of Elementary Education (BEEEd) naman, tatlo (3) sa kanila ang nakakuha ng INC o incomplete, dalawa (2) ang nakakuha ng 4.0 o kundisyunal na marka, dalawa (2) rin ang nakakuha ng 5.0 o bagsak na marka, at tatlo (3) ang dropped o DRP. Habang ang Bachelor of Secondary Education (BSEEd) ay dalawa (2) ang nakakuha ng incomplete o INC, tatlo (3) sa kanila ang nakakuha ng 4.0 o kundisyunal na marka, at apat (4) ang dropped o DRP.

### 3.3 Mga karanasan ng mga mag-aaral na nakakuha ng deficiency sa asignaturang online class

Makikita sa Talahanayan 3 ang tema sa mga naging tugon ng mga kalahok. Mapapansing mayroong nabuong tigdadalawang tema ang nabuo mula sa mga kalahok na nakakuha ng *deficiency* na INC, 4.0, 5.0, at DRP.

**Bawat asignatura mayroong awtput o mga gawain na dapat ipasa.** Ito ang unang tema na natuklasan mula sa mga kalahok ng pag-aaral kung saan lahat ng mga kalahok ay nagkaisa sa kanilang mga naging tugon. Ayon sa isinagawang *in-depth interview*, nabanggit ng mga kalahok na sa kanilang karanasan sa pag-aaral ng *online class*, nahihirapan sila dahil lahat ng asignatura ay mayroong mga awtput na ipapasa, na ang iba pa nga ay mahigit dalawang (2) awtput. Dahil dito, hindi sila makapasa sa lahat na asignatura ng mga awtput na kailangang ipasa kung kaya nakakuha sila ng INC. Napatunayan ito sa sinabi ni Lunenberg (2014) kung saan ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng negatibong pananaw sa pagkatuto. Dapat maikintal sa isipan ng bawat mag-aaral ang anumang awtput na ibigay ng guro ay tiyak na makatutulong ito sa kanilang pag-unlad. Kaya naman, makabubuting bigyan muna ng oryentasyon ang mga mag-aaral bago magsimula ang klase upang malaman nila na mayroong talagang hihilingin ang guro ng awtput na may kaugnayan sa kanilang kursong kinukuha.

## Talanayan 3

### Mga karanasan ng mga mag-aaral na nakakuha ng deficiency

MGA KARANASAN NG MGA MAG-AARAL NA NAKAKUHA NG DEFICIENCY/IES	INC	4.0	5.0	DRP
Bawat asignatura mayroong awtput o mga gawain na dapat ipasa	Nahirapan sa paghabol ng mga aralin lalo na kung sabay-sabay	Madalas lumiliban sa klase para tumulong sa mga gawaing bahay		Naghahanap-buhay kung kaya hindi nakakapasok sa online class
Biglang nawawala ang signal o internet connection	Ang gamit na gadget ay hindi gumagana lalo na kung matagal na	Tumulong sa mga magulang sa paghahanapbuhay		Umaasang makakapasa kahit hindi pumasok

**Biglang nawawala ang signal o internet connection.** Ito ang naging karaniwang tugon ng mga kalahok na mag-aaral na nakakuha ng INC. Madalas silang nawawalan ng signal na dahilan para hindi na sila mapabilang o

makasali sa klase. Bagama't ang ilan sa kanila ay nagpahayag na hindi na sila nagsisikap o nagkakainteres na lumahok pa sa *online class* dahil tinatamad na daw sila na bumalik pa sa *online class*. Dahil sa patuloy na pagbagal ng internet koneksiyon, lalo pang naapektuhan ang mga Pilipinong mag-aaral dahil isa sa mga nangungunang bansa ang Pilipinas na may pinakamahirang koneksiyon sa internet (DICT, 2017).

**Nahirapan sa paghabol ng mga aralin lalo na kung sabay-sabay.** Para sa mga kalahok na nakakuha ng markang 4.0, pinabulaanan nila na hindi nila kayang matutuhan ang lahat ng kanilang mga aralin, bagkus pinanindigan nila na dahil sa nagkakabay-sabay ang pagbibigay ng iba't ibang gawain sa kanilang mga aralin, hindi na tuloy nila nakakayanan na makahabol pa sa mga paksang tinatalakay.

**Ang gamit na gadget ay hindi gumagana lalo na kung matagal na.** Sa ikalawang temang nabuo naman mula sa mga kalahok na nakakuha ng 4.0, lahat sila ay nagsabing wala talaga silang gadget na maayos dahil ang kanilang mga magulang ay walang pambili ng bagong gadget sa dahilang sobrang hirap ng kanilang buhay ngayon at ang mga magulang nila ay nahahirapan sa paghahanap-buhay ngayong pandemya.

**Madalas lumiliban sa klase para tumulong sa mga gawaing bahay.** Ito naman ang unang tema na nabuo sa mga kalahok na nakakuha ng 5.0. Sinabi ng mga kalahok na sila ay tumutulong sa mga gawaing-bahay dahil ang kanilang mga magulang ay todo kayod sa paghahanap-buhay matustusan lamang ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan tulad ng pagkain. Dahil dito, pinipili nilang lumiban sa klase para makatulong sa kanilang mga magulang.

**Tumutulong sa mga magulang sa paghahanapbuhay.** Ang mga kalahok na nakakuha ng 5.0 ay nagkakaisa ang kanilang mga karanasan kung saan tinutulungan nila ang kanilang mga magulang sa paghahanap-buhay upang makakain sila sa araw-araw. Subalit madalas, kulang ang kanilang pera na dahilan para hindi na sila sumali sa klase dahil sa halip na ipambili ng load ang kanilang pera ay mas nanaisin pa nilang magkalaman ang kanilang mga tiyan. Dahil dito, hindi nila natutupad ang kanilang tungkulin bilang mag-aaral na sanhi ng pagkakaroon nila ng *deficiency* na 5.0.

**Naghahanap-buhay kung kaya hindi nakakapasok sa online class.** Sa mga nakakuha ng *deficiency* na DRP ay karaniwan sa kanila ay naghahanap-buhay upang matustusan lamang ang kanilang pangangailangan. Bagama't alam nila na mahirap pagsabayin ang pag-aaral sa paghahanap-buhay ay nagbabakasakali pa rin sila na makapasa o makakuha ng pasadong marka. Naniniwala sila, dahil sa kanilang kalagayan ay maaawa ang kanilang guro at bibigyan na lamang sila ng marka. Subalit, habang tumatagal ang *online class* ay mas lalo nang nagiging mahigpit ang kanilang mga guro.

**Umaasang makakapasa kahit hindi pumasok.** Ito ang nabuong tema mula sa mga tugon ng mga kalahok na nakakuha ng DRP. Inisip nila na kagaya noong bago pa lamang ang *online class* lahat sila ay nakakuha ng pasadong marka kahit hindi sila pumapasok o sumasali sa talakayan at gayundin hindi sila nagpasa ng mga kahingian ng kanilang kurso. Ngunit nitong huling semestre ng taong panuruan 2021-2022 ay naging mahigpit na ang kanilang mga guro na sa akala nila ay makakakuha sila ng pasadong marka.

### 3.4 Mga karaniwang dahilan ng pagkakaroon ng markang deficiency

#### Talahanayan 4

*Dahilan sa pagkakaroon ng deficiency na ang pagtuturo at pagkatuto ay sa pamamagitan ng online class*

---

a KARANIWANG DAHILAN SA PAGKAKAROON NG DEFICIENCY/IES			
INC	4.0	5.0	DRP
		Pagsasabay ng trabaho habang	
Kawalan nang Naghahanap-buhay sa		may online class	Walang sapat na panggastos sa load
maayos na gadget at	malayong lugar		
signal			
Nakabukas lamang ang kamera sa online class pero hindi nanonood at nakikinig			
Nagpapasa ng awtput kahit hindi alam kung ano ang ipinasa			

---

Kinokopya ang awtput ng kaklase para mayroon lamang maipasa nagbabakasakali na makapasa dahil hindi istrikto ang patakaran sa pagbibigay ng marka

---

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang mga karaniwang dahilan sa pagkakaroon ng *deficiency* na ang pagtuturo at pagkatuto ay sa pamamagitan ng online class.

**Kawalan nang maayos na gadget at signal.** Ito ang nasambit ng mga kalahok na nakakuha ng INC na dahilan ng pagkakaroon ng *deficiency* sa asignaturang Filipino. Lahat sila ay nagsabing mga luma na ang kanilang gadget na ginamit tulad ng *cellphone at laptop*. Dagdag pa, hindi nila inaakalang ang paagkaklase ay sa pamamagitan ng *online* kung saan naging malaking balakid sa kanilang pag-aaral dahil batid nila na mahihirapan sila sa pagkatuto. Lalo pang nagpahirap sa kanila ang sobrang hirap humagilap ng signal sa kanilang lugar lalo pa at malayo sa kanila ng *tower* ng pinagkukunan ng internet koneksiyon.

**Naghahanap-buhay sa malayong lugar.** Pangunahing dahilan ng nakakuha ng 4.0 ay ang kanilang paghahanap-buhay sa malayo. Kapag mayroon mga kailangang isumite nang personal gaya ng pangkatang gawain o isahang gawain ay hindi nila magawa dahil sa sobrang layo ng kanilang pinatrabahuan. Samakatuwid, ang mga naturang kalahok ay naghahanap-buhay habang nag-aaral.

**Walang sapat na panggastos sa load.** Bagama't binanggit ito ng ilang kalahok na nakakuha ng ibang *deficiency*, ang mga nakakuha ng DRP ay mariin nilang sinabi na ito ang karaniwang dahilan ng pagkakaroon nila ng markang ito. Napansin ng mananaliksik na ang mga kalahok dito ay talagang napakahirap ang kalagayan sa buhay at ito'y kanilang nasambit dahil kahit pamasaha nila sa *pag-comply* ng kanilang *deficiency* ay hirap silang manghagilap. Kaya naman, labis ang kanilang paghihinagpis na walang-wala talaga silang pambayad ng *load* para sa internet.

**Nakabukas lamang ang kamera sa online class pero hindi nanonood at nakikinig.** Sa mga nakakuha ng lahat ng uri ng markang *deficiency* ay nagkakaisa ang kanilang tugon kung kaya nabuo ang temang ito. Hindi na ito nakapagtataka sa lahat dahil kahit sino na dumadalo o sumasali ng mga *online class* ay ganito ang ginagawa kung kaya nahuhuli sila ng kanilang mga guro na bukas ang kanilang kamera pero hindi sila nanonood o nakikinig. Napatotohanan ito ng mga kalahok dahil ayon sa kanila, kapag tinatawag sila ng kanilang guro ay walang sumasagot kung kaya hindi sila nabibigyan ng marka at hindi sila nakakasunod kung ano ang ipinapagawa sa kanilang *online class*.

**Nagpapasa ng awtput kahit hindi alam kung ano ang ipinasa.** Ito ang karaniwang tugon ng mga kalahok. Maraming pagkakataon na sila ay nagpapasa ng awtput na hindi nila alam kung ano ang gagawin basta makapagsumite lamang sila ng kanilang awtput. Ngunit, sa resulta ng pagwawasto ng kanilang guro, natukoy na walang kaugnayan ang kanilang naipasang awtput sa ipinapagawa ng kanilang guro.

**Kinokopya ang awtput ng kaklase para mayroon lamang maipasa.** Lahat ng mga kalahok ay umaamin na kinokopya nila ang awtput ng kanilang mga kaklase para lamang may maipasa. Ang iba sa kanila ay buo ang pagkopya ng awtput sa kanilang kaklase, ang iba naman may ilan lamang na bahagi ng kanilang awtput ng kaklase nila para hindi raw mahalata, subalit napatunayan nila na nahahalata pa rin ng kanilang guro ang mga naipasa nilang awtput na hindi orihinal na kanila.

**Nagbabakasakali na makapasa dahil hindi istrikto ang patakaran sa pagbibigay ng marka.** Sinabi ng mga kalahok na nagbabakasakali sila na makapasa kahit wala silang maipasang awtput at sumali o makasali sa *online class* dahil naniniwala sila na hindi pa rin maghihigpit ang kanilang guro dahil sa kalagayan na kanilang nararanasan. Ngunit, naging mailap sa kanila ang paniniwala nila dahil ang kanilang mga guro ay naging mahigpit simula nitong Taong Panuruan 2021-2022.

Batay sa mga nabuong tema, naniniwala ang mananaliksik na buong katapatan ang mga naibahaging karanasan ng mga kalahok dahil sa seryosong pagtugon ng mga ito sa isinagawang *in-dept interview* kung saan

bukal sa kanilang puso ang mga naging kasagutan nila sa kabuuan ng pakikipanayam.

#### 4. Konklusyon

Batay sa resulta, natukoy ang sumusunod na konklusyon: ang mga mag-aaral na kumukuha ng kursong Bachelor of Arts in Communication, Bachelor of Elementary Education, at Bachelor Secondary Education ang mga natukoy na nakakuha ng *deficiency* tulad ng INC, 4.0, 5.0, at DRP. Samantala, naranasan ng bawat mag-aaral ang sabay-sabay na mga awtput o gawain na kailangan isumite at naging daan para magkaroon ng *deficiency*. At, ang huli ay kawalan ng gadget, pagsasabay ng trabaho habang may *online class* at hindi pagpokus sa panood at pakikinig sa *online class* na dahilan para makakuha ng *deficiency*.

Samantala, nabuo ang sumusunod na rekomendasyon batay sa konklusyon na inilhad: Isaalang-alang din ang ibang kurso na nakakuha ng *deficiency* upang makumpara ang mga karanasan at dahilan ng pagkakaroon ng *deficiency*; magkaroon ng patuloy na ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral upang matulungan sila na hindi magkapatong-patong ang mga problema sa mga kahingian ng kurso; at, magsagawa ang guro nang malalimang oryentasyon para sa mga kinakaharap na suliranin ng mga mag-aaral na dahilan para sila makakuha ng *deficiency*.

#### 5. Sanggunian

- Bolima, D. (2022). *Contexts for understanding: Educational learning theories*. Retrieved February 21, 2022 from [http://staff.washington.edu/saki/strategies/101/new\\_page\\_5.htm](http://staff.washington.edu/saki/strategies/101/new_page_5.htm)
- De Mesa, A. R. (2022). Mga karanasan ng mga guro sa baiting 3 sa pagtuturo ng mother tongue gamit ang ortograpiyang waray ng komisyon sa wikang filipino. *International Journal of Research Studies in Education*. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.208>
- Dee, L., Devecchi, C. Florian, L., at Cochrane, S. (2002). *Being, having and doing: Theories of learning and adults with learning difficulties*. UK: Published by the Learning and Skills Network.
- DICT. (2017). State of the internet report. Retrieved March 3, 2022 from <https://dict.gov.ph/ictstatistics/state-of-the-internet-report>
- Galit, G. C. (2022). Hulagway at katotohanan ng edukasyon sa bagong himtang: Pagsikhay sa mga kaso ng pagpigil sa pag-aaral sa panhon ng pandemya. *International Journal of Research Studies in Education*. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.213>
- Horn, M. B., & Staker, H. (2015). *Blended using Disruptive innovation to improve schools*. San Francisco CA: Jossey Bass.
- Johnson, L.A. (2015). *Teaching outside the box how to grab your students*. 3rd edition. San Francisco: Jossey-Bass.
- Kember, D. (2016). *Understanding the nature of motivation and motivating students through teaching and learning in higher education*. New York: Springer Science+Business Media Singapore Pte Ltd.
- Koç, S., Liu, X., & Wachira, P. (Eds.) (2015). *Assessment in online and blended learning environments*. USA: Information Age Publishing Inc.
- Levay, P. (2017). *Research design (Quantitative, qualitative, mixed methods, arts-based and community-based participatory research approaches)*. New York: A Division of Guilford Publications, Inc.
- Lunenberg, M., Dengerink, J., & Korthagen, F. (2014). *The professional teacher educator roles, behavior, and professional development of teacher educators*. Netherland: Sense Publishers.
- Partin, R. L. (2009). *The classroom teacher's survival guide practical strategies, management techniques, and reproducibles for new and experienced teachers*. San Francisco: John Wiley & Sons, Inc.